



Mga Instruksiyon sa Pagbabakuna para sa COVID-19 para sa Mga Tagapag-alaga (Caregiver) ng Pamilya

Noong Pebrero 5, 2021, nagpapasyahan ng [California Department of Developmental Services](#) (DDS) at ng [California Department of Public Health](#) (CDPH) na dapat ituring ang mga caregiver ng pamilya para sa mga indibiduwal na may ilang nakakapagpabalang kondisyon bilang mga manggagawang nagbibigay ng pangangalang pangkalusugan na karapat-dapat mabakunahan para sa COVID-19 sa Yugto 1a.

Karapat-dapat ang mga caregiver ng pamilya kung nagbigay sila ng pangangalaga sa isang tao anuman ang edad na mayroong nakakapagpabalang kondisyon na [dinaragdagan ang panganib para sa malubhang impeksiyon ng COVID-19](#) at nangangailangan ng karaniwan at aktwal na pangangalaga na hindi maaaring maibigay sa paraan na mayroong distansiya. Partikular na binigyang-pansin ng DDS at CDPH ang mga sumusunod na kondisyon:

- Kondisyon na may kaugnayan sa koordinasyon ng kalamnan (Cerebral palsy)
- Kondisyon sapul sa pagkabata na may karagdagang chromosome (Down Syndrome)
- Paulit-ulit na biglaang pagkawala ng malay o kombulsyon (Epilepsy)
- Mga natatanging pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, kasama ang pag-asa sa mga makinang nagbibigay ng artipisyal na bentilasyon (ventilators), oksiheno (oxygen), at iba pang teknolohiya

Ang mga kapamilyang kasama sa parehong sambahayan na hindi nagbibigay ng direktang pangangalaga ay hindi karapat-dapat para sa pagbabakuna. Ang mga karapat-dapat na kapamilya ay dapat kumuha ng dokumentasyon mula sa [Regional Center of The East Bay](#) o mula sa isang kwalipikadong nagbibigay ng serbisyo (provider) (tingnan ang listahan sa ibaba) na nagbeberipika ng parehong kondisyon ng kapamilya na inaalagaan at ang kalagayan ng caregiver bilang manggagawang nagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Gabay na May Mga Hakbang

1. Kung ang iyong may kapansanang kapamilya ay kliyente ng [Regional Center of The East Bay](#) (RCEB), humingi ng sulat sa namamahala ng kaso ng iyong kapamilya sa RCEB na nagbeberipika ng iyong pagiging karapat-dapat na makakuha ng bakuna.

O



Humingi ng Sulat ng Pagpapatunay (Attestation Letter) para sa kwalipikadong kondisyon ng kapamilya na inaalagaan mo mula sa kwalipikadong nagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan. Tingnan ang Attestation Letter ng County na makikita sa <https://bit.ly/2ZtQ1rQ> at [dito](#). Ang attestation letter ay maaaring pirmahan ng mga sumusunod na kwalipikadong provider, kabilang ang ngunit hindi limitado sa:

- Mga Doktor (Physicians, MD o DO)
 - Mga Rehistradong Nars (Registered Nurses)
 - Mga Nars na Maaaring Gumamot ng Ilang Kondisyon (Nurse Practitioners)
 - Mga Nars para sa Kalusugan ng Publiko (Public Health Nurses, RN o PHN)
 - Mga Katuwang ng Doktor (Physician Assistants)
 - Gumagamot sa Mga Nabalda o Napinsalang Pasyente sa Pamamagitan ng Terapewtika (Occupational Therapists)
 - Tumutulong sa Mga Nabalda o Napinsalang Pasyente na Mapabuti ang Paggalaw (Physical Therapists)
 - Mga Namamahala ng Kaso sa California Children's Services (CCS).
2. Pagkatapos mong makakuha ng dokumentasyon para sa pagiging karapat-dapat ng manggagawang nagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan na caregiver ng pamilya, mag-sign up para maabisuhan kapag ikaw na dapat bakunahan:
- Kumpletuhin ang Form para sa Pagbibigay ng Abiso sa Bakuna sa Residente ng Alameda County (Alameda County Resident Vaccine Notification Form) na makikita online sa <https://covid-19.acgov.org/vaccines> o [dito](#) at punan ang lahat ng kinakailangang kategorya, **AT**
 - Sa ilalim ng kategorya para sa Occupation Sector (Sektor ng Trabaho), piliin ang Health Care/Public Health (Pangangalagang Pangkalusugan/Kalusugan ng Publiko).
3. Makakatanggap ka ng email na mag-aabiso sa iyo kapag ikaw na ang dapat bakunahan. Kasama sa email ang isang link na magpapahintulot sa iyong ipaiskedyul ang iyong appointment para sa pagbabakuna. Kapag nakaabot ka na sa hakbang na ito, tiyaking madalas na tingnan ang iyong email dahil mabilis na napupuno ang mga appointment.
4. Kapag naiskedyul mo na ang iyong appointment, makakatanggap ka ng email na kumukumpirma sa appointment na may kasamang oras at lokasyon ng iyong appointment para sa pagbabakuna.



Alameda County Health Care Services Agency
Public Health Department
www.acphd.org

Colleen Chawla, Director
Kimi Watkins-Tartt, Director
Nicholas Moss, MD, Health Officer

Public Health Department: Main Line (510) 267-8000

COVID-19 Information: (510) 268-2101

5. Kapag dumating ka sa iyong appointment para sa pagbabakuna, siguruhing dalhin ang mga sumusunod na dokumentasyon:
 - Attestation letter mula sa [Regional Center of The East Bay](#) o ang iyong Attestation Letter na pinirmahan ng isa sa mga kwalipikadong provider gaya ng nakalista sa hakbang 2, **AT**
 - ID na may Litrato (hindi kailangang galing sa gobyerno)

6. May opsyon kang gawin sa site ang iyong appointment para sa pangalawang dosis, pagkatapos mong matanggap ang iyong unang dosis. Kung gusto mong maghintay, magpapadala sa iyo ng email na may kasamang link para sa paggawa ng appointment sa pangalawang dosis ng bakuna.